# [Kumpanya/Ahensiya] Patakaran Ukol sa Paglaan ng Pribadong Silid para sa Pag-imbak ng Gatas para sa Sanggol ( Lactation Accommodation)

## Patakaran:

[Kumpanya/Ahensiya] kinikilala na ang gatas galing sa suso ng ina ay ang pinakamahusay na pagkain para sa mabuti at malusog na pagpapalaki ng mga sanggol. Ang patakarang ito ay naitatag upang itaguyod ang maayang kapiligiran para sa mga inang nag-iimbak ng gatas ng sanggol sa lugar ng trabaho at suportahan ang mga kawaning ito sa [Kumpanya/Ahensiya] hanggang sa kinakailangan o nais nila na gawin ang nasabi. Itinataguyod ng [Kumpanya/Ahensiya] ang kanilang karapatan alinsunod sa batas at mga pangangailangan ng mga Kawani na nagnanais na mag-imbak ng gatas sa lugar ng trabaho.

## Mga Layunin ng Patakaran:

- Magtatag ng mga patnubay na nagtataguyod ng maayang kapaligiran sa trabaho na nagtataguyod sa pag-imbak ng gatas para sa sanggol (Kumpanya/Ahensiya)
- Magtatag na ang lahat ng mga kawani ay may karapatan na humiling ng pribadong silid para dito
- Tuparin ang Ordinansang ito ng San Francisco sa lugar ng trabaho.

## Mga Tungkulin ng Employer

**Pagbibigay-alam**

- Ang kopya nitong patakaran ay ipapalaganap sa lahat ng bagong-tanggap na kawani at sino mang kawani na nagtatanong tungkol sa, o humihiling ng bakasyon ukol sa pagbubuntis o pagiging bagong magulang.
- Kung ang employer ay mayroong *employee handbook*, kinakailangang nakapaloob dito ang patakarang ito.
- [Kumpanya/Ahensiya] ay nararapat na tumugon sa kahilingan ng kawani sa loob ng 5 araw, maliban sa Sabado at Linggo, ng pagkatanggap nito.

**Mga Oras ng Pahinga:**

- Ang oras ng pahinga, kung maari, ay isabay sa oras ng tanghalian at oras ng pahinga ng kawani.
- Kapag ang oras ng tanghalian at oras ng pahinga ng kawani ay hindi magkasabay o kailangan pa ang dagdag na oras, maaaring walang bayad ang mga pahingang ito.

**Lugar para sa Pag-imbak ng Gatas:**

[Kumpanya/Ahensiya ] ay maglalaan ng pribadong silid na malapit sa lugar na pinagtatrabahuhan trahabo ng mga kawani na nag-iimbak ng gatas para sa sanggol. Ang silid ay maaring ang sariling opisina ng kawani kung makakatupad sa mga kinakailangan. Ipinagbabawal ang paggamit ng banyo para dito.

**Ang lugar ay kinakailangang:**

- Malayo sa panganib, malinis, at libre sa mga nakakalason at peligroso na mga bagay
- Mayroong paglalagyan ng upuan, patungan para sa breast pump at ibang personal na kagamitan
- Mayroong saksakan ng kuryente

- Mayroong  lababo na may dumadaloy na tubig at r*efrigerator*  na malapit sa lugar na pinagtatrabahuhan ng kawani.
- Maari ring gamitin ang mga *multi-purpose* na silid kung matutugunan ang mga kinakailangan sa nasabing lugar; ngunit ang pag-imbak ng gatas ang laging mauuna sa paggamit nito.

**Ang Pagganti na may Kaugnayan sa Pag-imbak ng Gatas ay Ipinagbabawal**

Ang Ordinansang ito ay hayagang ipinagbabawal ang pagganti laban sa mga kawaning ito na gumamit ng kanilang karapatan na nilaan ng ordinansa. Kasama dito yaong mga humihiling ng oras para mag-imbak ng gatas at/o naghain ng reklamo ukol sa karapatang napapasaloob sa  Ordinansang ito.

## Mga Talaan ng Employer:

[Kumpanya/Ahensiya] ay nararapat na magpanatili ng mga talaan ng mga kahilingan para sa  Ordinansang ito na kasama ang pangalan ng Kawani, petsa ng kahilingan, at paglarawan kung paano napagpasiyahan ng Employer ang kahilingan. Kung tinanggihan ang kahilingan, kailangan nitong itago ang sulat ng pagtanggi. Lahat ng mga talaan na ito ay kailangang panatiliin sa loob ng 3 taon simula sa araw ng kahilingan.